

MULING PAGDIDISTRITO NG SACRAMENTO COUNTY 101

Ano ang Muling Pagdidistrito?

Ang muling pagdidistrito ay ang pagguhit muli ng mga distrito ng halalan. Ang mga hangganan ng distrito ng Lupon ng Tagapangasiwa ng Sacramento County ay dapat iguhit muli kada 10 taon gamit ang datos ng U.S. Census, upang ipakita ang mga pagbabago sa populasyon. Matitiyak nito na ang lahat ng distrito ay may parehong bilang ng mga residente.

Bakit Mahalaga ang Muling Pagdidistrito?

Ang muling pagdidistrito ay batay sa ideya ng patas na representasyon. Paano nakakaimpluwensya ang iginuguhit na mga linya ng distrito sa kung sino ang tumatakbo at sino ang nahalal sa pampublikong tanggapan. Tinutukoy din ng muling pagdidistrito kung aling mga purok at komunidad ang pagsasama-samahin para sa layunin ng paghahalal sa miyembro ng Lupon.

Bakit Ko Kailangang Makilahok?

Sa pamamagitan ng paglahok sa proseso ng muling pagdidistrito, ang mga komunidad ay magkakaroon ng oportunidad na alamin kung aling mga komunidad ang binibigyan ng kapangyarihan at sino ang mahahalal. Dahil ang mga hangganan ay iginuguhit nang minsan tuwing 10 taon, ang prosesong ito ay may pangmatagalang mga epekto sa representasyon ng komunidad.



Paano Ako Makilahok?

- ◆ Mas alamin ang tungkol sa Muling Pagdidistrito sa Sacramento County sa aming website: www.SacCounty.net/Redistricting
- ◆ Magpalista para sa mga alertong email tungkol sa Muling Pagdidistrito sa website ng County
- ◆ Lumahok sa mga pampublikong palihan at pagdinig tungkol sa Muling Pagdidistrito at magbigay ng komento tungkol sa iyong komunidad
- ◆ Gumuhit ng isang mapa para sa iyong distrito gamit ang libre, nasa web na kasangkapan sa pagmapa ng County o gumuhit sa pamamagitan ng kamay at isumite sa Lupon ng mga Tagapangasiwa
- ◆ Mag-email ng mga katanungan o komento sa Redistricting@sacounty.net o tumawag sa (916) 874-5411